# Handog Extrang Lingap Program: Palawig na Serbisyo at Malasakit para sa 633 PWDs sa Lungsod ng Carmona

See page 6...



Mas pinatingkad pa ng Pamahalaang Lungsod ng Carmona ang kanilang dedikasyon sa pagbibigay ng pantay na oportunidad at malasakit sa pamamagitan ng pagpapalawak ng mga serbisyong panlipunan na direktang nakatuon sa sektor ng mga Persons with Disabilities (PWDs).

Sa pamamagitan ng Persons with Disability Affairs Office, matagumpay na naipatupad ang Handog Extrang Lingap Program o HELP, na nag-abot ng Birthday Cash Gift sa 633 PWDs na nagdiwang ng kanilang kaarawan nitong mga nakaraang buwan ng Mayo at Hunyo. Ang hakbang na ito ay patunay na hindi kailanman nakakalimutan ng lokal na pamahalaan ang pagkilala at pagpapahalaga sa bawat mamamayan, gaano man kahalaga ang kanilang na-

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
VOL. 25 NO. 25 AUGUST 10 - 16, 2026 P15.00

Prime Alliance of Publishers, Editors, and Reporters (Ph) Inc.
PAPER.Ph
Est. 2019

# Nagkakaisang Paninindigan Para sa Kapayapaan at Kaayusan sa Amadeo

AMADEO, Cavite — Bilang patunay ng sama-samang adhikain para sa isang ligtas, mapayapa, at maayos na pamayanan, muling pinagtibay ng Pamahalaang Bayan ng Amadeo at ng iba't ibang sektor ang kanilang pangako sa pamamagitan ng isinagawang Recommitment for Stable Internal Peace and Security.

See page 6...




# Komprehensibong Kalinga at Medikal na Pagtugon: Office of the City Health Officer, Personal na Bumisita sa mga Evacuation Sites sa Lungsod ng Imus

See page 6...

LUNGSOD NG IMUS — Mas pinaigting pa ng lokal na pamahalaan ang pagbibigay ng agarang atensyong medikal at malawakang kalinga sa mga lumikas na mamamayan upang masiguro na patuloy na napoprotektahan ang kanilang kalusugan, kaligtasan, at kapakanan sa gitna ng mga hamon na dulot ng kalamidad at iba pang sitwasyong nangangailangan ng paglikas.



Kasalukuyang patuloy na umiikot ang Office of the City Health Officer, katuwang ang mga dedikadong City Health Workers, sa iba't ibang evacuation sites sa buong Lungsod ng Imus. Isinasagawa ang regular na pagbisita at health monitoring upang personal na masuri ang kalagayan ng mga evacuee, lalo na ang mga bata, senior citizen, buntis, persons with disabilities, at mga indibidwal na may iniindang karamdaman o nangangailangan ng masusing pangangalagang medikal.

Bahagi ng isinasagawang operasyon ang pagbibigay ng mga kinakailangang medical consultation, basic health assessment, paunang lunas, bitamina, at mga gamot para sa mga indibidwal na nakararanas ng karamdaman. Sa pamamagitan nito, mas mabilis na natutukoy ang mga residente na nangangailangan ng karagdagang atensyong medikal at agarang naibibigay ang nararapat na intervention upang hindi lumala ang kanilang kondisyon.

Bukod dito, patuloy ding mino-monitor ng mga health worker ang kalinisan at pangkalahatang kondisyon sa loob ng

# Paghahanda sa Masamang Panahon: Pamahalaang Lungsod ng Imus, Todo-Alerto sa Posibleng Epekto ng Habagat at Bagyong Maymay

See page 6...




LUNGSOD NG IMUS — Mas pinaigting at pinalawig pa ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang mga hakbang sa paghahanda at pagtugon upang masiguro ang kaligtasan, seguridad, at kapakanan ng bawat mamamayang Imuseño sa harap ng banta ng masamang panahon dulot ng Habagat at ng bagyong MaymayPH.

Bilang bahagi ng proactive at maagap na paghahanda ng lokal na pamahalaan, tuluyan nang nakapuwesto at naka-standby ang mga kinakailangang kagamitan pang-rescue, mga sasakyang pandamay at rescue vehicles, gayundin ang makabagong Mobile Command Center. Ang mga ito ay inihanda upang magamit sa mabilis na pagtugon sakaling magkaroon ng pagbaha, paglikas, pagkasira ng mga imprastraktura, o iba pang insidenteng maaaring idulot ng patuloy na pag-ulan at malakas na hangin.

Ang pagkakapuwesto ng mga rescue equipment at personnel sa mga estratehikong lugar ay bahagi ng layunin ng lungsod na mapabilis ang pagresponde sa oras ng


# CARD BANK, PALAKASIN ANG MGA PAMILYA SA PAMAMAGITAN NG KAALAMAN AT PAGSANAY




Sa bawat kaalamang naibabahagi, mas nagiging matatag ang pundasyon para sa mas maunlad na kinabukasan ng mga pamilya.

Patuloy na isinusulong ng CARD Bank ang kahalagahan ng kaalaman at pagsasanay bilang bahagi ng kanilang layunin na higit na mapalakas at mabigyan ng kakayahan ang mga pamilyang kanilang

See page 7...




PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
VOL. 25 NO. 25 AUGUST 10 - 16, 2026 P15.00

# Kolehiyong Lungsod ng Dasmariñas Inaugurates New Building 3, Boosting Access to Quality Higher Education

DASMARIÑAS CITY, Cavite — Isang makabuluhang yugto para sa sektor ng edukasyon sa Lungsod ng Dasmariñas ang opisyal na pagbabasbas at pagpapasinaya sa bagong Building 3 ng Kolehiyong Lungsod ng Dasmariñas (KLD). Isinagawa ang seremonya, na dinaluhan ng mga opisyal ng lokal na pamahalaan, pamunuan ng KLD, mga guro at kawani, mga kinatawan ng iba't ibang sektor, at iba pang stakeholders na patuloy na sumusuporta sa layunin ng lungsod na palawakin ang access sa de-kalidad at abot-kayang edukasyong pangkolehiyo.

Ang pagtatayo ng bagong gusali ay itinuturing na mahalagang hakbang upang matugunan ang patuloy na paglaki ng bilang ng mga mag-aaral sa KLD. Sa pamamagitan ng karagdagang pasilidad, mas



maraming estudyante ang mabibigyan ng pagkakataong makapag-aral sa isang mas maayos, ligtas, mod-

See page 3...

# GAWAD EHEMPLO 2026



Sa likod ng bawat masiglang bata, malusog na pamilya, at maayos na pamayanan ay ang sama-samang pagkilos ng mga taong tunay na nagmamalasakit.

Lubos kong binabati at pinasasalamatan ang lahat ng pinarangalan sa Gawad EheMplo (GEM) Nutrition Awarding Cere-

See page 7...

# ARANGKADA PROGRAM IN DASMARIÑAS, NAGHATID NG TULONG SA 6,610 TODA BENEFICIARIES

See page 6...



DASMARIÑAS CITY, CAVITE — Muling ipinakita ng Pamahalaang Panlalawigan ng Cavite ang suporta nito sa sektor ng transportasyon sa pamamagitan ng pagdadala ng Arangkada Program sa City of Dasmariñas.

Sa pangunguna ni Governor Abeng Remulla, layunin ng programa na magbigay ng konkretong tulong at suporta sa mga lokal na TODA drivers, bilang pagkilala sa kanilang mahalagang papel sa pampublikong transportasyon at sa pang-araw-araw na buhay ng mga Caviteño.

Sa isinagawang

See page 6...

# Oplan Malinaw na Kinabukasan: Noveleta Inilunsad ang Children Vision Care Program para sa mga Batang Novoletaño

NOVELETA, KABITE —Upang matiyak ang maayos na paningin, kalusugan, at pangkalahatang kapakanan ng mga kabataan, pinangunahan nina Punong Bayan Mayor Davey Reyes Chua at Vice Mayor Dino Chua, kasama ang Sangguniang Bayan Committee on Health sa pangunguna ni Konsehal Axel Enriquez at ang Municipal Health Office sa pamumuno ni Dr. Maria Hilda C. Bucu, ang pormal na paglagda sa isang Memorandum of Agreement (MOA) para sa pagpapatupad ng isang programang nakatuon sa pangangalaga sa kalusugan ng mata ng mga batang Novoletaño.



Isinagawa ang paglagda bilang bahagi ng patuloy na pagsisikap ng lokal na pamahalaan na palawakin ang access ng mga residente, partikular ng mga kabataan, sa mahahalagang serbisyong pangkalusugan. Sa pamamagitan ng kasunduang ito, inaasahang mas maraming bata ang mabibigyan ng pagkakataong masuri ang kanilang paningin at matukoy nang mas maaga ang anumang problema sa kanilang mga mata na maaaring makaapekto sa kanilang pag-aaral, pang-araw-araw na gawain, at kalidad ng pamumuhay.

Katuwang ng lokal na pamahalaan sa inisyatibang ito ang Dr. JT Garcia Adult & Pediatric Optometry and Orthoptics Clinic, na magsisilbing katuwang sa pagsasagawa ng mga kinakailangang serbisyo para sa mga batang

See page 7...

# Patuloy na Kalinga at Serbisyo: Komprehensibong Pagtugon ng Lokal na Pamahalaan para sa Mamamayan

LUNGSOD NG NAIC — Sa gitna ng patuloy na pagsusumikap na maiangat ang antas ng pamumuhay at matiyak ang kapakanan ng bawat mamamayan, lalo pang pinaigting ng Lokal na Pamahalaang Bayan ng Naic ang paghahatid ng mga pangunahing programa at ser-

See page 6...



# Pagpupugay sa Isang Huwarang Indangueño: First Master Chief Petty Officer Allan A. Cloma, Pinarangalan ng Pamahalaang Bayan ng Indang

See page 7...

INDANG, KABITE — Isang taos-pusong pagpupugay ang ipinabot kay First Master Chief Petty Officer (FMCPO) Allan A. Cloma, Command Master Chief ng Philippine Coast Guard (PCG), bilang pagkilala sa kanyang natatanging pamumuno at tapat na paglilingkod sa bayan.

Bilang isang

See page 7...



## Ang Agosto: Buwan ng Wika, Kasaysayan, at Pagkakakilanlan



K-ABI-tenyo Ahuy!
by. Abigail C. Gomez

`Marami tayong pinagdiriwang ngayong buwan ng Agosto. Ngunit higit pa sa mga okasyon, ito ay panawagan sa bawat Pilipino na kilalanin ang ating pinagmulan at ang ating tunglkulin bilang mamamayang Kabitenyo.

Sa ibang bansa tulad ng China, Taiwan, Singapore, at Malaysia, ang Agosto ay kilala bilang "Ghost Month". Isang buwan na hitik ng pamahiin at pag-iingat na nagmula pa mula sa mga Buddhist at Taoist na mga gawi at tradisyon.

Ngunit sa ating bansa, ang Agosto ay puno ng pagpapahalaga hindi para sa mga lucky charms o kaya mga pag- alay para sa mga kaluluwa ng mga patay o sa mga pagbisita sa mga pagoda, bagkus para sa Buwan ng Wika at Buwan ng Kasaysayan. Isang buwan ng pagkilala sa ating kultura at sa wikang Filipino bilang susi ng ating kasaysayan, pagkakakilanlan, at pagkakaisa.

Bakit mahalaga ang wikang Filipino?

Ang bawat salitang ating binibigkas sa sariling wika ay hindi lamang tunog. Ito ay tulay. Tulay upang mapanatili ang alaala ng ating mga ninuno; tulay upang maipasa sa susunod na henerasyon ang ating kasaysayan at kultura. Sa panahon ng internationalization at mga dayuhang impluwensya, mas lalong kailangan nating paigtingin ang wikang Filipino. Hindi ito kailanman hadlang sa pag-unlad. Dito nakaugat ang ating pagka-Pilipino.

Kaya hinihikayat ko kayo na gamitin, pahalagahan, at ipagmalaki ang wikang Filipino. Sa tahanan, sa paaralan, sa trabaho, at sa komunidad, maging boses ng ating kultura.

Higit pa sa wika: Ang diwa ng Ninoy Aquino Day

Sa ika-21 ng Agosto, ginugunita din natin ang Ninoy Aquino Day. Isang araw ng pag-alala sa isang Pilipinong nagsakripisyo ng kanyang buhay para sa kalayaan. Ang kanyang mga huling salita. "Filipinos are worth dying for" ay hindi lamang kasaysayan; ito ay hamon sa bawat isa sa atin.

Dahil tunay ngang ang bawat Pilipino ay may halaga. Ngunit ang halagang ito ay hindi lamang dapat ipagdiwang. Ito ay dapat ipaglaban sa pamamagitan ng pagiging disiplinadong mamamayan, sa pagtindig para sa katotohanan, at sa pakikilahok sa pagbabago ng ating lipunan.

Ang ating boses, sa pamamagitan ng wikang Filipino, ay may kapangyarihang magmulat, magpaalala, at magkaisa. Gamitin natin ito nang may paninindigan. Paano? Sa pamamagitan ng ating sariling wika. Magsalita at magsulat nang may pagmamalaki. Maging disiplinado sa maliliit na bagay. Makilahok sa mga gawaing pang barangay. At higit sa lahat, sa pagiging proud na tayo ay Pilipino hindi lamang sa salita, kundi sa gawa.

Nga pala, ipinagmamalaki nating mga Kabitenyo na ang kauna-unahang Filipino instructor sa Harvard University ay si Ms. Lady Aileen Orsal mula sa Cavite State University. Isa itong patunay na ang ating wika ay hindi lamang pambansa, kundi pandaigdigan. Kaya't higit nating palaganapin ang wikang Filipino.

Dahil sa huli, ang tanong ay hindi lamang "Karapat-dapat bang mamatay para sa mga Pilipino?" Kundi: "Karapat-dapat ba akong mabuhay bilang isang tunay na Pilipino?"

## PGC'S MEDICAL AND DENTAL MISSION, NAGLINGKOD SA 477 RESIDENTS SA SILANG




SILANG, CAVITE — Patuloy na inilalapit ng Pamahalaang Panlalawigan ng Cavite ang mga serbisyong pangkalusugan sa mga komunidad sa pamamagitan ng pagsasagawa ng Medical and Dental Mission sa Brgy. Malaking Tatyao, Silang.

Umabot sa 477 residente ang nabigyan ng libreng serbisyong medikal at dental, kabilang ang medical consultations, dental services, fasting blood sugar (FBS) tests, ECG tests, at libreng mga gamot.

Pinangunahan ng mga health professionals mula sa General Emilio Aguinaldo Memorial Hospital at OPG Medical Mission Team ang pagbibigay ng mga serbisyo. Malaki rin ang naging ambag ng mga Barangay Health Workers (BHWs) sa maayos at mabilis na paghahatid ng serbisyong pangkalusugan sa mga residente.

Dumalo rin sa isinagawang medical mission si 5th District Board Member Ivee Jayne Reyes, bilang pagpapakita ng suporta sa mga programang naglalayong mapabuti ang kalusugan at kapakanan ng mga mamamayan.

Ipinapakita ng naturang inisyatiba ang patuloy na pangako ng Pamahalaang Panlalawigan ng Cavite na gawing mas accessible ang mga serbisyong pangkalusugan at dalhin ang libreng medical assistance sa mas maraming Caviteño, lalo na sa mga komunidad na higit na nangangailangan.— OPIO

## Myths vs Facts: BCDA Allays Fears on Controversial Pax Silica PProject

The Pax Silica project has been one of the most talked-about topics in recent weeks, with the government describing it as a long-term investment that will spur economic expansion.

However, civil society groups have been protesting the establishment of the 1,619-hectare (4,000-acre) economic security zone under the Luzon Economic Corridor, arguing that the US-initiated project could intensify land grabbing, resource extraction, and militarization in rural areas.

At a Palace briefing on Thursday, Bases Conversion and Development Authority (BCDA) President and Chief Executive Officer Joshua Bingcang debunked circulating claims about the project's alleged adverse effects. The BCDA is the lead government agency overseeing the project.

Contrary to claims circulating online, Bingcang said the Pax Silica project will not rely on community water supplies for its operations. Instead, its water requirements will be met through rainwater harvesting, storage, treatment, and recycling systems.

"It means that, especially now that we're entering the rainy season, a huge volume of rainwater falls into that area. If it's left untapped, it will simply flow back into the sea," he explained.

Based on initial estimates, the project is expected to consume around 65 million to 90 million liters of water per day. Bingcang said the project's initial design provides a capacity of up to 120 million liters per day.

"There is enough water that can be sourced from there. This is not groundwater extraction. Instead, it's the technology we want to propose. And if we have a surplus, we can share it with the communities as well," he further said.

One of the main concerns raised by groups opposing the project is the possible displacement of Indigenous Peoples.

"As you know, the Clark Freeport and Special Economic Zone covers more than 30,000 hectares. Of that, we have already allocated more than 15,000 hectares to our Indigenous Peoples group," he said.

Bingcang added that the project site is public land owned by the BCDA.

"This area had already been earmarked for industrial development when the BCDA Law was being drafted in 1992. It was classified as such to help drive development in Central Luzon, especially after the eruption of Mount Pinatubo, when many people lost their jobs due to the displacement caused by the disaster," he said. Bingcang also denied claims that mining activities would take place under the Pax Silica project, saying the initiative aims to transform critical minerals into higher-value products rather than extract them.

"Some are saying there will be mining there, but that's not true. We will not allow that. What will happen is that we are rich in natural resources, so these can be processed at their source. The processed components will then be brought to Clark, specifically to Pax Silica, where they will be further processed, developed, and exported. Alternatively, the components or critical minerals needed for our AI hub project may also come from our member countries," he said.

When it comes to environmental effects, the BCDA chief said the project will comply with the Environmental Compliance Certificate.

He said all investments in the project remain subject to Philippine law, regulations, and government oversight. The Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), in a statement over the weekend, described the project as a "massive sellout" of the country's land, minerals, and sovereignty.

"To be honest, this is war production disguised as 'so-called development.' The government is opening our mountains and ancestral lands to more destructive mining and industries that serve foreigners rather than the Filipino people," it said. It said that the project will integrate the country into supply chains led by the United States for critical minerals and advanced electronics.

The KMP also pointed to environmental issues linked to former US military installations in Subic and Clark, where communities were exposed to soil and groundwater contamination. Group Pangasinan People's Strike for Environment, for its part, said youth environmental advocates from five towns visited communities and schools in San Jacinto
Town to conduct a petition-signing campaign against Pax Silica and other environmentally destructive projects in Pangasinan and across the Central Luzon plains.

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
PAPERPH MEMBER

An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com
Email: pahayagancavite@gmail.com
Entered as Second Class Mail at Postal Manila under Permit
N0 200305 on May 27, 2003

ERNA BALAGTAS ANCHETA
Publisher

DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.
Editor-In-Chief
DIOSAN MARUAL
KCEE NACION
Marketing & Circulation Manager

ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ
Legal Counsel

SUBSCRIPTION RATE : P1,000.00/year
Advertising Rate : P200.00/col. cm.
Legal Rate : P160.00/col. cm.



## Pagpupugay sa Isang...

ipinagmamalaking anak ng Indang at kasalukuyang pinakamataas na enlisted leader ng PCG, si FMCPO Cloma ay nagsisilbing matingkad na huwaran ng dedikasyon, integridad, at propesyonalismo hindi lamang sa hanay ng mga kawani ng Philippine Coast Guard kundi pati na rin sa buong komunidad.

Bilang pagpapahalaga sa kanyang mga natatanging ambag sa serbisyo publiko, iginawad ng Pamahalaang Bayan ng Indang ang isang espesyal na Sertipiko ng Pagpapahalaga. Ang pagkilalang ito ay pinangunahan nina Mayor Virgilio F. Fidel at ng Sangguniang Bayan sa pamumuno ni Vice Mayor Ferdinand T. Papa, bilang parangal sa kanyang mga tagumpay na nagdala ng malaking karangalan sa bayan ng Indang.

Mabuhay po kayo, FMCPO Allan A. Cloma! Nawa'y patuloy kayong maging inspirasyon sa tapat, maran-

## CARD BANK...

pinaglilingkuran, lalo na ang mga ina.

Higit pa sa pagbibigay ng serbisyong pinansyal, binibigyang-diin ng CARD Bank ang kahalagahan ng financial education, skills training, at knowledge-sharing upang matulungan ang mga benepisyaryo na magkaroon ng dagdag na kaalaman at kakayahang magamit sa kanilang pang-araw-araw na buhay at kabuhayan.

Sa pamamagitan ng patuloy na pagbabahagi ng kaalaman at praktikal na pagsasanay, nabibigyan ng pagkakataon ang mga nanay at pamilya na mas maging handa sa paggawa ng mga desisyong makatutulong sa kanilang kabuhayan at kinabukasan.

Ipinapakita nito na ang kahusayan ay hindi lamang nasusukat sa serbisyong ibinibigay, kundi maging sa kakayahang magbigay ng kaalaman at oportunidad na nagdudulot ng pangmatagalang pagbabago sa buhay ng mga pamilyang pinaglilingkuran.

## GAWAD EHEMPLO...

mony bilang pagkilala sa kanilang natatanging ambag sa pagpapatupad ng mga programa sa nutrisyon sa ating lungsod. Ang pagkilalang ito ay patunay na ang dedikasyon at malasakit ng ating mga barangay, paaralan, partner institutions, Barangay Nutrition Councils, Barangay Nutrition Scholars, at bawat miyembro ng City Nutrition Committee ay nagbubunga ng positibong pagbabago sa buhay ng mga Treceño.

Isang karangalan din para sa Lungsod ng Trece Martires na makasama ang National Nutrition Council CALABARZON, sa pamamagitan ng kanilang Regional Nutrition Program Coordinator Ms. Lourdes Bulante-Orongan, sa pagdiriwang na ito, bilang pagkilala sa ating patuloy na pagsusulong ng mahusay na pamamahala at mga programang pangkalusugan at pangnutrisyon. Nakasama din natin dito sina Vice Mayor Bobby Montehermoso, SP Chairperson on Committee on Health, Nutrition, and Population, Honorable Kim Paolo Lubigan, at mga Punong Barangays.

Parte din ng programa ang paggawad ng Gawad Pamana sa Nutrisyon Award kay dating City Nutrition Action Officer Aurora Villalobos, bilang pagkilala sa kanyang huwarang pamumuno, pangmatagalang dedikasyon, at hindi matatawarang ambag sa pagsusulong ng mga programa sa nutrisyon sa Lungsod ng Trece Martires. Sa kanyang pamumuno ay nakamit ng lungsod ang pinakamataas na award sa Nutrition, ang Nutrition Honor Award.

Ipagpatuloy natin ang sama-samang pagkilos tungo sa mas malusog, mas matatag, at mas maunlad na Trece Martires. Ang mabuting nutrisyon ay karapatan ng lahat, at ang inklusibo at responsableng paglilingkod ang ating daan tungo sa mas malusog at mas maunlad na kinabukasan para sa bawat pamilyang Treceño

## GUHIT NG KAPALARAN

LEO (Jul.23 - Aug.22) – Kung aabot sa sukdulan ang pagtitimpi, makakabuting umiwas dahil masama ang mangyayari. Madali ang makipag-away pero masarap ang mabuhay ng walang kaaway. Mahigpit na disiplina sa sarili ang kailangan. Lucky numbers at color of the day ang 9, 13, 14, 31 at violet.

VIRGO (Aug.23 - Sept.23) – Walang masama kung aalamin muna ang mga bagay-bagay bago magdesisyon. Relax ka lang. Lucky numbers at color of the day ang 3, 22, 35, 37 at red.

LIBRA (Sept.24 - Oct.23) – Nasa tamang daan ng kaunlaran ang nilalandas, kaya ituloy ang ginagawa. Ang payo ay dapat timbangin. Lucky numbers at color of the day ang 4, 14, 34, 39 at aquamarine.

SCORPIO (Oct.24 - Nov.22) – Kung inaakala mo na tama ka sa gagawin, ituloy. Maliban lang kung labag sa batas ng Diyos. Lucky numbers at color of the day ang 4, 29, 31, 39 at orange.

SAGITTARIUS (Nov.23 - Dec.21) – Masigla at nakakatiyak sa sarili kaya handang harapin ang anumang pakikibaka. Diplomasya ang kailangan. Lucky numbers at color of the day ang 2, 19, 22, 38 at cream.

CAPRICORN (Dec.22 - Jan.19) – Hindi masama kung kasing lawak ng langit ang iyong pangarap na kaunlaran. Samahan lang ito ng aksiyon. Lucky numbers at color of the day ang 4, 12, 18, 30 at blue.

AQUARIUS (Jan.20 - Feb.18) – Maganda ang hangarin. Ang kulang lang ay pagkilos. Kung sisimulan, may magandang resulta. Lucky numbers at color of the day ang 16, 20, 31, 42 at brown.

PISCES (Feb.19 - Mar.20) – Maaasahan na malaking pakinabang ang ibubunga ng ginagawa. Magtatagumpay ka sa nilalakad. Lucky numbers at color of the day ang 1, 3, 34, 41 at green.

ARIES (Mar.21 - Apr.19) – Mapaghinala ang minamahal. Mag-ingat sa pakikipag-usap dahil magiging selosa siya. Lucky numbers at color of the day ang 9, 17, 39, 41 at ocean blue.

TAURUS (Apr.20 - May 20) – Malapit ka ngayon sa mga taong mapagbiro at palakantiyaw. Huwag patulan dahil hahantong sa pagsisisi. Lucky numbers at color of the day ang 7, 26, 30, 36 at fuchsia.

GEMINI (May 21 - Jun.21) – Tiyaga at sikap ang maliwanag na sikreto ng tagumpay. At kung ito ay palaging taglay, hindi ka maghihikahos. Lucky numbers at color of the day ang 6, 14, 19, 24 at yellow.

CANCER (Jun.22 - Jul.22) – Magiging mapusok ka ngayon at kung walang disiplina sa sarili, tatahakin mo ang kapahamakan. Lucky numbers at color of the day ang 8, 9, 17, 29 at white.

## Oplan Malinaw na Kinabukasan...

kalahok. Bahagi ito ng opisyal na paglulunsad ng Noveleta Children Vision Care Program sa ilalim ng programang Oplan Malinaw na Kinabukasan, isang inisyatibang naglalayong mapalakas ang pangangalaga sa kalusugan ng mata ng mga kabataan sa bayan.

Sa ilalim ng programa, magkakaroon ng libreng pagsusuri sa mata o free eye examination para sa mga batang 15 taong gulang pababa. Layunin nitong matukoy kung ang isang bata ay may problema sa paningin, kabilang ang mga kondisyon na maaaring mangailangan ng karagdagang pagsusuri o pagwawasto. Para naman sa mga batang nangangailangan ng corrective lenses, kabilang din sa programa ang pamamahagi ng libreng prescription eyeglasses, alinsunod sa resulta ng isinagawang pagsusuri.

Mahalaga ang ganitong uri ng programa sapagkat ang malinaw at maayos na paningin ay may malaking papel sa pagkatuto at pag-unlad ng isang bata. Ang mga problema sa paningin na hindi agad natutukoy ay maaaring makaapekto sa pagbabasa, pagsusulat, pagsunod sa mga aralin, pakikilahok sa mga aktibidad sa paaralan, at iba pang pang-araw-araw na gawain. Sa pamamagitan ng maagap na screening at pagbibigay ng kinakailangang salamin, mas nabibigyan ang mga bata ng pagkakataong makapag-aral at makilahok sa kanilang mga gawain nang mas komportable at mas kumpiyansa.

Hindi lamang simpleng pagsusuri sa mata ang layunin ng programa, kundi ang pagtataguyod ng kamalayan sa kahalagahan ng regular na pangangalaga sa kalusugan ng mata. Hinihikayat ang mga magulang at tagapag-alaga na maging mapagmatyag sa anumang senyales na maaaring nagpapahiwatig na nahihirapan ang kanilang anak na makakita, tulad ng madalas na paglapit sa binabasa, pagkurap o pagpisil ng mga mata, pananakit ng ulo, o hirap na makakita ng mga nakasulat sa malayo.

Para sa mga interesadong magulang at tagapag-alaga na nais lumahok ang kanilang mga anak o makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa programa, pinapayuhan silang makipag-ugnayan sa Noveleta MedCare (NovMed) upang malaman ang mga kinakailangang detalye, proseso ng pagpaparehistro, at iba pang kaukulang impormasyon hinggil sa serbisyo.

Binigyang-diin ng lokal na pamahalaan na ang kalusugan ng mga bata ay isang mahalagang bahagi ng pagbuo ng isang mas malusog at mas maunlad na komunidad. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng serbisyong pangkalusugan na mas madaling ma-access ng mga pamilya, layunin ng pamahalaang bayan na mabawasan ang mga hadlang na maaaring pumigil sa mga bata na makatanggap ng kinakailangang medical at vision care.

Ang paglulunsad ng Noveleta Children Vision Care Program ay patunay rin ng patuloy na pagtutulungan ng lokal na pamahalaan, mga health professionals, at iba pang katuwang na institusyon upang maihatid ang mahahalagang serbisyong medikal nang mas malapit sa mga mamamayan. Sa pamamagitan ng ganitong mga programa, mas napagtutuunan ng pansin ang preventive healthcare at maagap na pagtukoy sa mga kondisyong maaaring makaapekto sa kalusugan at kinabukasan ng mga kabataan.

Sa huli, ang Oplan Malinaw na Kinabukasan ay nagsisilbing hakbang tungo sa pagbibigay sa bawat batang Novoletaño ng pagkakataong magkaroon ng mas malinaw na paningin at mas magandang kondisyon para sa kanilang pag-aaral at paglaki. Sa patuloy na pagkakaisa at malasakit ng lokal na pamahalaan at mga katuwang nito, layunin ng programa na makapaghatid ng konkretong serbisyo na tunay na makatutulong sa mga bata at kanilang mga pamilya.

Grab Food

## Paghahanda...

pangangailangan. Sa ganitong paraan, mas maagang makararating ang mga responder sa mga lugar na maaaring maapektuhan at mas mabilis na maibibigay ang kinakailangang tulong sa mga residenteng nangangailangan ng agarang paglikas o assistance.

Kasabay nito, patuloy ding nakaantabay ang mga kaukulang tanggapan at emergency response teams upang subaybayan ang lagay ng panahon at ang mga posibleng epekto nito sa iba't ibang komunidad. Ang patuloy na monitoring ay mahalaga upang agad na matukoy ang mga lugar na maaaring makaranas ng pagbaha, pagtaas ng tubig, o iba pang panganib na maaaring makaapekto sa kaligtasan ng mga residente.

Mahalaga rin ang pagkakaroon ng Mobile Command Center bilang bahagi ng disaster response capability ng lungsod. Maaari itong magsilbing sentro ng koordinasyon at komunikasyon ng mga responder upang mas maging organisado ang pagbabahagi ng impormasyon, pagmomonitor sa sitwasyon, at pagpapadala ng mga kinakailangang tauhan at kagamitan sa mga lugar na nangangailangan ng agarang tulong.

Samantala, patuloy na hinihikayat ang mga residente na maging mapagmatyag at huwag balewalain ang anumang abiso o babala mula sa lokal na pamahalaan at mga awtoridad. Pinapayuhan ang bawat pamilya na manatiling updated sa mga opisyal na weather bulletin at lokal na advisory, lalo na kung may posibilidad ng malakas na pag-ulan, pagbaha, o iba pang panganib sa kanilang lugar.

Hinihikayat din ang mga mamamayan na ihanda ang mahahalagang gamit at dokumento ng pamilya, gamot kung kinakailangan, pagkain, tubig, flashlight, power banks, at iba pang pangunahing pangangailangan na maaaring magamit sakaling kailanganing lumikas. Mahalaga ring pag-usapan ng bawat pamilya ang kanilang emergency plan at alamin ang pinakamalapit na ligtas na lugar o evacuation center sa kanilang komunidad.

Pinapaalalahanan ang mga residente na huwag maghintay na lumala ang sitwasyon bago kumilos. Kung kinakailangan ang paglikas, mahalagang makipagtulungan sa mga awtoridad at sundin ang mga itinalagang evacuation procedures upang maiwasan ang anumang panganib at mapanatiling ligtas ang lahat, lalo na ang mga bata, senior citizen, buntis, persons with disabilities, at iba pang vulnerable individuals.

Patuloy namang pinagtitibay ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang koordinasyon ng iba't ibang tanggapan at response teams upang matiyak na mabilis, maayos, at episyente ang magiging pagtugon sa anumang insidenteng maaaring mangyari. Sa harap ng banta ng kalamidad, hindi lamang kagamitan at tauhan ang mahalaga, kundi maging ang mabilis na komunikasyon, pagkakaisa, disiplina, at pakikipagtulungan ng buong komunidad.

Ipinakikita ng mga paghahandang ito ang kahalagahan ng disaster preparedness at proactive response bilang pangunahing sandata laban sa epekto ng masamang panahon. Sa pamamagitan ng maagap na pagkilos, maayos na koordinasyon, at patuloy na pagbabantay, layunin ng lokal na pamahalaan na mabawasan ang panganib at maprotektahan ang buhay at ari-arian ng mga mamamayan.

Sa bawat banta ng sakuna, nananatiling nakatutok ang Pamahalaang Lungsod ng Imus sa kaligtasan ng buong komunidad. Higit sa lahat, ipinapaalala sa bawat Imuseño na ang kahandaan ay responsibilidad ng lahat. Sa sama-samang pagkilos ng pamahalaan, mga responder, barangay, at mga residente, mas magiging handa at matatag ang Lungsod ng Imus sa anumang hamon na maaaring idulot ng masamang panahon.

## Nagkakaisang Paninindigan...

Pinangunahan ni Mayor Jojo Domingo ang Ceremonial Signing of Commitment kasama ang mga kinatawan ng Philippine National Police, si Lt. Col. Rommel Panganiban bilang kinatawan ng Philippine Army, mga miyembro ng Sangguniang Bayan, mga department heads ng Pamahalaang Bayan, at mga Punong Barangay ng buong bayan.

Ang sama-samang paninindigang ito ay sumasalamin sa matatag na ugnayan at koordinasyon ng lokal na pamahalaan, mga tagapagpatupad ng batas, at iba pang stakeholder sa pagpapanatili ng kapayapaan, kaayusan, at seguridad. Sa pamamagitan ng pagkakaisa, pananagutan, at aktibong pakikilahok ng bawat isa, patuloy na isinusulong ang isang Amadeong ligtas, matatag, at maunlad para sa lahat.

Sa huli, patuloy na naninindigan ang Pamahalaang Bayan ng Amadeo na ang kapayapaan at kaayusan ay ang tunay na pundasyon ng kaunlaran at responsibilidad na sama-samang pinangangalagaan ng buong komunidad.

## Handog Extrang Lingap...

tatanging pangangailangan.

Nagpaabot din ng taos-pusong pagbati ang lokal na pamahalaan sa mga nagdiwang: "Belated Happy Birthday sa inyong lahat at nawa'y makatulong po ang munting regalo na ito mula sa Pamahalaang Lungsod ng Carmona."

Higit pa sa simpleng pamimigay ng pinansyal na tulong, ang programang HELP ay nagsisilbing matatag na pundasyon sa pagbuo ng isang inklusibong lipunan. Layunin nitong masiguro na sa bawat hakbang ng pag-unlad ng lungsod, walang sinuman ang maiiwan, kundi sabay-sabay na aangat tungo sa mas magandang kinabukasan alinsunod sa adhikaing Dapat Angat Lahat.

## Patuloy na Kalinga...

bisyong panlipunan.

Isang malinaw na patunay nito ang matagumpay na pagsasagawa ng mga makabuluhang aktibidad tulad ng PhilHealth YAKAP para sa Manggagawa sa Timalan Concepcion Covered Court, sa pangunguna ng Municipal Health Office.

